Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG SETYEMBRE 14, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | .. | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 165-T'09**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSANG BRGY. BLG. 03-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY SAN PABLO SUR NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN DALAWAMPU'T TATLONG LIBO ANIMNARAAN APATNAPU'T ISANG PISO AT PITUMPU'T SIYAM NA SENTIMOS (Php123,641.79) MULA SA NATIRANG PONDO NOONG TAONG 2008 NG BARANGAY UPANG ILAAN SA 10% SANGGUNIANG KABATAAN (Php12,364.18), PAGBILI NG COMPUTER (Php30,000.00), SEMINAR (Php50,000.00) AT UNIPORME NG SANGGUNIANG BARANGAY AT MGA KATULUNGIN (Php31,277.61) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 052-T2009/Kautusang Brgy. Blg. 03-T2009 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur na nagkakahalaga ng Php123,641.79 mula sa natirang pondo ng barangay ng taong 2008 upang ilaan sa 10% Sangguniang Kabataan (Php12,364.18), pagbili ng computer (Php30,000.00), seminar (Php50,000.00) at uniporme ng Sangguniang Barangay at mga katulungin (Php31,277.61) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T**, lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Isagani R. Malapaya at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusang Brgy. Blg. 03-T2009 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur na nagkakahalaga ng Php123,641.79 mula sa natirang pondo ng barangay ng taong 2008 upang ilaan sa 10% Sangguniang Kabataan (Php12,364.18), pagbili ng computer (Php30,000.00), seminar (Php50,000.00) at uniporme ng Sangguniang Barangay at mga katulungin (Php31,277.61) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat
NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan